Ang kard ng Aklatan ay **LIBRE** para sa mga residente ng Mississauga o para sa mga nagtatrabaho, pumapasok sa paaralan, o nagmamay-ari ng ari-arian sa Mississauga.

Maaari mong gamitin ang iyong mabisang kard upang makahiram ng mga materyales mula saan mang lokasyon ng Aklatan. Upang makakuha ng isang kard ng Aklatan, magdala ng isang mapagkakilanlan na mayroong pangalan at tirahan mo. Kung mayroong pagbabago, katulad ng pagpapalit ng pangalan, tirahan o numero ng telepono, ipagbigay-alam lamang kaagad ito sa kawani. May mga babayaran sa mga nawala, nasira, nakalimutan o ninakaw na mga kard.

**WIRELESS NA MISSISSAUGA**

Magagamit ng libre ang Internet mula sa lahat ng mga lokasyon ng Sistema ng Aklatan sa Mississauga at hindi hinihingi ang isang mabisang kard ng Aklatan.

**ANG LAHAT NG DAANAN AY PATUNGO SA AKLATAN**

Para sa mga impormasyon ng ruta ng bus patungo sa iyong lokal na Aklatan, tingnan sa miway.ca o tumawag sa MiWay sa
**905-615-4636 / 905-615-INFO**

**SUMANGGUNI SA AMIN**

Mississauga Library System
301 Burnhamthorpe Road W.
Mississauga, ON L5B 3Y3
**Telepono: 905-615-3500**
Paks: 905-615-3625
**Mississauga.ca/library**
library.info@mississauga.ca
www.facebook.com/mississaugalibrary
http://twitter.com/mississaugalib/

Pinagbago Enero 2013

ANG LAHAT NG TUNGKOL SA IYONG

# AKLATAN

BINABAGO NG MGA AKLATAN ANG MGA BUHAY

MISSISSAUGA
*Leading today for tomorrow*





Scotiabank
StartRight®
PROGRAM FOR NEWCOMERS
scotiabank.com/startright
1-866-800-5159



# ANG TUNGKOL SA PANGHIHIRAM

Karamihan sa mga aklat at mga CD ay maaaring hiramin sa loob ng 3 linggo. Karamihan sa mga DVD, mga video game, at mga magasin ay maaaring hiramin sa loob ng isang lingo.

## MGA AKLAT

Mayroong mahigit na 1.3 milyong dami ng ng mga bagay na mahihiram.

## MGA MAGASIN

Magagamit ang mahigit na 1,000 mga periyodiko.

## MGA DVD, MGA VIDEO GAME AT MGA CD

Makakapamili mula sa maraming iba't-ibang mga pelikula, mga dokumentaryo, at maramihang wika ng materyal sa DVD gayun din ang musika at mga aklat ng awdyo sa CD. Mayroong mga video game na nakalaan para sa Wii, Playstation 3, at mga Xbox console.

## ANG MGA LIGHTNING LOAN

Ito ay isang koleksyon ng kasalukuyang mga bestseller na mahahanap mo mula sa mga lalagyan nang hindi na kailangan pang maghintay. Ang mga aklat ay maaaring hiramin sa loob ng 7 araw. Ang mga ito ay hindi maaaring ipareserba at hindi maaaring ipa-renew.

## ANG MGA RAVE AT ANG MGA FAVE

Pinaghalong klasika, popular at mga titulong higit na hinahangaan ay nakatampok sa lahat ng mga lokasyon. Marami sa mga kopyang popular na kuwentong kathang-isip at hindi kathang-isip na para sa adulto, kabataan, junior at mga aklat pambata ang nakalaan.

## KUNG ANG BAGAY NA GUSTO MO AY HINIRAM NA

Maaari mong ipa-hold sa pamamagitan ng online catalogue mula sa iyong tahanan o sa aklatan. Kung naroroon ang bagay na gusto mo, ikaw ay aabisuhan. Ikaw ay pagbabayarin para sa mga ipina-hold mo na hindi kinuha sa takdang oras. Ang mga bagay na wala sa online catalogue ng Aklatan ay maaaring makuha sa pamamagitan ng interlibrary loan. Humingi ng tulong sa isa sa mga kawani.

## ANG PAGPAPA-RENEW NG MGA MATERYALES NG AKLATAN

Karamihan sa mga materyales ng Aklatan ay maaaring ipa-renew. Kahit na ang isang bagay ay lampas na sa taning, maaari itong ipa-renew at ang singil sa naantala ay idadagdag sa iyong rekord. Ang mga materyales ay maaaring ipa-renew sa araw ng renewal, hindi sa orihinal na itinakdang araw. Ang mga DVD, mga video game at mga magasin ay maaaring ipa-renew sa loob ng 7 araw. Ang iba pang mga bagay ay maaaring ipa-renew sa loob ng 3 linggo.

Ipa-renew ang mga bagay:
- Online sa **Mississauga.ca/library**
- Telepono sa **905-615-3500, pindutin ang #1**

## ANG ISANG BAGAY AY HINDI MAAARING IPA-RENEW KUNG ITO AY:

- isang Lightning Loan
- isang DVD, video game o magasin na naipa-renew na ng isang beses
- hiniling na ng iba
- naipa-renew na ng dalawang beses

Kung ang isang bagay ay hindi maipa-renew, ito ay dapat isauli sa takdang petsa.

## ANG PAGSASAULI NG MGA MATERYALES SA AKLATAN

Ang mga bagay na may takdang petsa na dapat isauli ay naka-imprenta sa resibong ibinigay sa iyo sa check-out. Ang mga bagay ay dapat isauli sa aklatan bago matapos ang itinakdang araw. Pakisauli ang mga materyales sa Aklatan sa takdang oras upang mahiram ito ng ibang tao. May nakalaan na mga lalagyanan para sa pagsasauli ng aklat sa bawa't lokasyon na madali para sa iyo. Ang mga materyales na nahiram mula sa isang lokasyon ay maaaring isauli sa ibang lokasyon ng Sistema ng Aklatan sa Mississauga.

## MGA SINGIL SA NAANTALA

Ikaw ay may pananagutan sa mga nakuhang bagay na nakarekord sa iyong kard. Ang mga singil ay kakalkulahin sa bawa't araw o bahagi ng araw pagkalampas ng itinakdang petsa.

**Ang lahat ng mga materyales ng Aklatan (maliban sa ibaba)**
$0.35 sa bawa't araw ng bawa't bagay
($10 ang maximum sa bawa't bagay)

**Ang mga DVD, mga Lightning Loan, at mga video game**
$1 sa bawa't araw sa bawa't bagay
($10 ang maximum sa bawa't bagay)

## MGA SINGIL SA SERBISYO (IDAGDAG ANG MGA NARARAPAT NA BUWIS)

**Hindi Residente** - $30 isang taon kasama ang ID
**Nakalimutan na Kard** - $1 kasama ang ID
**Pamalit na Kard** - $2 kasama ang ID

**Ang mga Naka-hold na Hindi Kinuha sa Takdang Oras**
$2 sa bawa't hold

**Nasira o Nawalang Bagay**
Ang halagang pamalit ng Aklatan.
Ang nasira at nawalang mga bagay na binayaran ay mananatiling pag-aari ng Aklatan.

**Ang Bayad sa Ahensyang Nangongolekta** - $12.80

**Ang Magpareserba ng Isang Pansamantalang Kard ng Kompyuter**
1 araw - $1, 1 linggo - $5, 1 buwan - $15

Nagsisikap ang Aklatan sa pangongolekta ng lahat ng mga singil na hindi pa bayad. Ang Aklatan ay gumagamit ng mga serbisyo ng isang ahensyang nangongolekta para sa mahalaga at lampas sa takdang petsa ng mga balanse. Ang mga account na ipinadadala sa ahensyang nangongolekta ay maaaring may karagdagang kabayaran.

# ANO ANG HALAGA NITO PARA SA IYO?

## MGA PROGRAMA

Ang Aklatan ay nagkakaloob ng malawakan at iba't-ibang mga programa. Kabilang ang mga:
**Para sa mga Bata:** Mga storytimes, mga klab sa pagbabasa, at mga kaganapan para sa Summer/March Break.

**Para sa mga Kabataan:** Mga workshop, mga Grupo ng Pagpapayo sa mga Teen at mga oportunidad na pagboboluntaryo.

**Para sa mga Bagong Dating:** Mga pangkat para sa Pag-uusap ng Ingles, mga sesyon para sa impormasyon sa ahensya ng paninirahan at mga serbisyo sa paninirahan.

**Para sa mga Adulto, kabilang ang mga Matatandang Adulto:** Mga tagapagsalita, mga demonstrasyon, mga klab ng aklat at mga seminar tungkol sa iba't-ibang mga paksa. Sumangguni sa isang malapit na lokasyon sa iyo para sa mga detalye. Para sa isang kalendaryo ng lahat ng mga programa ng Aklatan, mga kaganapan at mga serbisyo, tingnan ito sa website ng Aklatan sa **mississauga.ca/library**.

## MGA SERBISYO NG MGA IMPORMASYON – TANUNGIN AKO

Ang lahat ng mga kawani sa Aklatan ay nakahanda na tumulong sa iyo upang mahanap ang impormasyon at makapili ng mga materyales. Hanapin ang mga kawani na may suot ng **ASK ME** na butones.

## ANG PAGPAPAKOPYA

Ang mga pampakopyang makina ay nakalaan sa lahat ng mga lokasyon ng Aklatan. Kailangang bumili ng isang kard para sa pagpapakopya. Ang pagpapakopya ay dapat naaayon sa mga batas ng karapatan sa pagpapalathala.

## MGA PALABAS SA SINING AT MGA EKSIBIT

Ang mga pagtatanghal at regular na mga eksibit sa sining ay matatagpuan sa karamihang mga sangay. Ang galerya ng sining at mga lalagyan ng itinatanghal ay maaaring rentahan sa bawa't buwan. Para sa mga impormasyong ng pagpapareserba, tumawag sa Lungsod ng Mississauga, Sentro para sa mga Serbisyong Pang-kustomer (City of Mississauga, Customer Service Centre) sa **905-615-4100** at piliin ang **Facility Bookings**.

## ANG DISTRIBUSYON NG ANUNSYO AT POSTER

Gusto mo bang i-promote ang iyong workshop, palabas at pagtatanghal sa komunidad? Kailangan mo ba ng karagdagang mga miyembro o mga boluntaryo para sa iyong komunidad o grupong hindi-pinagkakakitaan? Ang Aklatan ay mamimigay ng mga anunsyo at mga poster, para sa komunidad at mga grupong hindi-pinagkakakitaan, sa mga lokasyon ng sangay nito. Para sa mga impormasyon sa anunsyo pang-komersyal, sumangguni sa Tanggapan ng Aklatan para sa Pagpapaunlad ng Komunidad (Library's Community Development Office) sa **905-615-3200, ext 3606**.

## MGA SILID PARA SA PAGTITIPON

Kailangan mo ba ng isang silid para pagdausan ng buwanang pagtitipon? Ang Aklatan ay mayroong mga silid para sa mga pagtitipon at isang awditoryum na marerentahan. Para sa mga impormasyon sa pagpapareserba, tumawag sa Lungsod ng Mississauga, Sentro para sa mga Serbisyong Pang-kustomer (City of Mississauga, Customer Service Centre) sa **905-615-4100**.

## SENTRO PARA SA KARERA

Nag-aalok ang Aklatan ng malawakang impormasyon tungkol sa mga hanap-buhay, pagpaplano pang-edukasyonal, pagpaplano ng karera, pagsasanay at mga estratehiya sa paghahanap ng trabaho. Para sa mga kahilingan tungkol sa impormasyon o upang magpareserba sa isang pagdalaw, tumawag sa **905-615-3500, ext 3589**.

## LOKAL NA KASAYSAYAN

Ang isang malawakang koleksyon ng magaling, luma at pambihirang mga materyales, sumasaklaw sa kasaysayan ng Mississauga at Peel County, ay nakalaan para gamitin sa loob ng aklatan sa Sentrong Aklatan ng Mississauga (Mississauga Central Library) at kabilang ang mga scrapbooks, lokal na mga arkibos (archive), at ang isang malaking koleksyon ng mga larawan. Ang mga materyales tungkol sa mga angkan (genealogical) ay nakalaan din mula sa Ancestry sa lahat ng mga lokasyon ng Aklatan.

# NATATANGING MGA SERBISYO

## MGA AKLAT NA MAKUKUHA

Ikaw ba ay nagpapalakad ng sarili mong klab ng aklat? Ang Aklatan ay makapagkakaloob ng hanggang 15 mga kopya ng napiling mga titulo, gayun din ang isang pakete ng mga pagrerepaso at mga katanungan. Para sa karagdagang mga impormasyon, tumawag sa **905-615-3500, ext 3544**.

## ANG DIAL-A-STORY PARA SA MGA KABATAAN

Makinig sa isang bagong kuwento para sa mga preschool lingo-linggo mula sa iyong sariling tahanan. Tumawag sa amin hanggang kailan mo gusto, anumang oras ng araw. Upang makarinig ng kuwento, tumawag sa **905-615-3500, pindutin ang #5**.

## SERBISYONG HOMEBOUND

Ang serbisyong homebound ay ipinagkakaloob sa pamamagitan ng pagsasarado upang ibukod ang mga gagamit ng Aklatan. Telepono **905-615-3500, ext 3544** para sa mga karagdagang impormasyon.

## MGA WIKA

Nag-aalok ang Aklatan ng mga materyales sa 22 mga wika at ang suportang pangkomunidad ay malugod na tinatanggap. Maaari kang makakuha ng mga kit ng kurso upang mapag-aralan ang mga wika mula sa lahat ng mga lokasyon.

## MGA AKLAT NA MAY MALALAKING LETRA

Ang mga aklat ay nakalaan sa lahat ng mga lokasyon.

## MGA KLAB NG AKLAT SA ONLINE

Magpalista upang makatanggap ng mga sample mula sa mga bagong aklat at mga newsletter tungkol sa bagong mga aklat at mga may-akda. Magpunta sa **Mississauga.ca/library** at i-klik ang **Newsletters**.

## MGA KOMPYUTER NA MAGAGAMIT NG PUBLIKO

May nakalaang Internet at Microsoft Office na magagamit ang publiko mula sa lahat ng mga lokasyon ng Aklatan. Ang mga estasyon ay sinusuportahan ang mga USB key. Maaari kang magpareserba ng sesyon gamit ang isang mabisang kard ng Aklatan upang magamit ang kompyuter sa Aklatan mula sa iyong tahanan o sa Aklatan. Mayroong bayad para sa pansamantalang gamit ng kompyuter kung walang mabisang kard ng Aklatan.

## ANG KOLEKSYON NG PAMANANG eBOOKS

Ginawang elektroniko ng Aklatan ang kanilang Our Heritage Series ng mga aklat ng lokal na kasaysayan. Magpunta sa **Mississauga.ca/library**, i-klik ang **Books and Reading**, at i-klik ang **eBooks**.

## MAGSALIKSIK MULA SA TAHANAN, PAARALAN O TANGGAPAN – 24/7

Ang eResources ay nagkakaloob ng pagkakataon na magamit ang reperensya ng eBooks, pahayagan at mga artikulo sa magasin, aklat-talaan ng matatalino, mga pagrerepaso ng aklat at marami pa. Manaliksik sa mahigit na 30 eResources na sumasakop sa isang malawakang iba't-ibang mga paksa kabilang ang pangkalusugan, kalakalan, balitang pandaigdigan, literatura, mga palakasan, mga sining, at panlibangan. Sa pamamagitan ng isang mabisang kard ng Aklatan ng Mississauga, maaari kang magsagawa ng iyong pananaliksik mula sa tahanan, paaralan o tanggapan. Magpunta sa **Mississauga.ca/library** at i-klik ang **Research**.

## MGA MAAARING MAI-DOWNLOAD NA eBOOKS – 24/7

Ang Aklatan ay nag-aalok ng pagkakataong makapag-download ng eBooks at mga aklat na may awdyo mula sa OverDrive Service nito. Maaari mong mai-download ang mga bagay para sa iyong kompyuter o gamit na mobile. Tingnan ito sa website ng Aklatan at magsimulang maghiram o e-borrowing.